# 1

Mula sa staircase ay nakita ni Sandy ang maraming panauhin niya nang gabing iyon. Sandaling iginala niya ang tingin sa mga tao. Napatingala sa kanya ang mga ito.

Tumutok ang tingin niya sa kanyang daddy na si Ronaldo Olivares. Nang lumingon ito sa kanya mula sa pakikipag-usap sa ibang mga bisita, nakita niya ang pagmamalaki sa anyo nito.

"Sige na, hija, bumaba ka na," bulong sa kanya ni Yaya Poncia mula sa tagiliran niya. "Aba'y ngumiti ka naman. Birthday na birthday mo, eh, nakasimangot ka. Baka sa halip na twenty ay mapagkamalan kang treinta niyan, hala ka."

Naramdaman niya ang mariing pagpisil nito sa isang kamay niya. "Yaya…" tila nagpapasaklolong lingon niya rito.

"Hija, sige na. Naghihintay na ang mga bisita."

Humakbang pababa ng hagdanan ang dalaga. Kung maaari nga lang na hindi na lang sumapit ang gabing iyon.

Pagsapit niya sa pinakahuling baitang sa ibaba ng hagdanan, kaagad na lumapit sa kanya ang daddy niya. Humalik siya sa pisngi nito, pagkuwan ay hinarap nila ang ilang special guests sa pagtitipong iyon.

Mula sa pulutong ng mga kagalang-galang na panauhin, nakita niyang lumabas si Meynard at nakangiting lumapit sa kanya.

Isang pumpon ng mga bulaklak ang iniabot nito sa kanya saka masuyong humalik sa pisngi niya. “Happy Birthday,” masuyong bati nito habang walang kaalis-alis ang tingin sa kanya.

Isang tipid na ngiti ang iginanti niya rito. “Thank you.”

Mayamaya lang ay nasa gitna na sila ng bulwagan ng kanyang ama habang sumasayaw sa saliw ng isang tugtog.

“What’s the matter with you, hija?” puna nito sa pananahimik niya.

Tahimik na umiling si Sandy. Iniwasan niyang mapansin nito ang bahagyang pangingilid ng luha niya.

“Dad, not tonight, please,” samo niya.

"You should have prepared yourself for this thing to happen, hija," anitong sandaling hinaplos ang gilid ng pisngi niya. "Matagal na nating napag-usapan ito, right?"

"But—"

Bago pa siya nakapagprotesta ay nakita niyang saglit nitong nilingon si Meynard mula sa pulutong ng mga panauhin. Mayamaya ay ibinibigay na siya nito sa binata.

Isang panibagong tugtog ang pumailanlang. Sinadya niyang umiwas ng tingin habang nararamdaman ang masuyong tingin sa kanya ng kapareha.

"I love you more than I love myself, Sandy," anito sa seryosong tinig. "Hindi ka magsisisi."

Isang tila mapait na bikig sa kanyang lalamunan ang nilunok niya. "Maraming babae, Meynard. Marami pang puwedeng magmahal sa 'yo nang totoo. I can't love you."

Ilang sandaling natigilan ito. Mayamaya ay narinig ni Sandy ang tinig ng daddy niya sa mikropono.

"Can I have your attention, please?"

Tumigil ang tugtog. Nanatili sila sa gitna ng dance floor. Napatutok ang tingin ng lahat sa kanyang ama.

Hinintay ni Ronaldo ang mahaba-habang katahimikan bago ito muling nagsalita. “I just want to take this opportunity to make a very important announcement.” Saglit na tumingin ito sa dako nila ni Meynard bago muling ibinalik ang pansin sa mga bisita. “Gusto kong malaman ninyong lahat na nalalapit na ang pag-iisang-dibdib ng aking anak na si Sandy at ng kasintahan niya na walang iba kundi si Meynard Montecillo.”

Blangko ang expression sa mukha ng dalaga nang mapansin niyang lahat ng tingin ay napatutok sa kanila ni Meynard.Tinutukan pa sila ng spotlight. Narinig niya ang malakas na palakpakan ng mga tao.

“Kunin mo na rin ang pagkakataong ito para imbitahan silang lahat, kumpadre,” narinig niyang sabi ng ama ni Meynard na si Benedicto Montecillo. Katabi ito ni Ronaldo.

“Iyon talaga ang gagawin ko, kumpadre,” anitong muling humarap sa mga panauhin. “Sa lahat po ng mga naririto ngayong gabi, gusto kong imbitahan kayo sa araw ng kanilang kasal. It will be

the grandest wedding ever between the Montecillos and the Olivarezes. And that will be two months from now."

Pagkatapos niyon, sunud-sunod ang paglapit ng mga panauhin kina Meynard at Sandy. Isa-isang nakipagkamay at bumati ang mga ito. Tahimik lang na tinanggap ng dalaga ang mga pagbating iyon.

Lihim siyang nagpasalamat nang matapos ang pagtitipon. Kaagad siyang nagkulong sa silid at tahimik na umiyak.

Maliit pa lang sila nang ipagkasundo sila ni Meynard sa isa't isa ng kani-kanilang mga magulang. Maraming partnership businesses ang pamilya Olivarez at pamilya Montecillo. Iyon ang nagsilbing matibay na ugnayan ng mga pamilya nila, kasama na ang pagkakaibigan nina Ronaldo at Benedicto. Pagsapit niya ng eighteen ay naging pormal silang magkasintahan ni Meynard bilang pagsunod pa rin sa kagustuhan ng daddy niya. At wala siyang nagawa para tutulan ang mga gusto nito.

Makapangyarihan ang bawat salita ni Ronaldo. Nagmula kasi ito sa isang aristokrata at may-sinabing pamilya. Ganoon din ang pamilya ni Meynard. Nasanay na si Sandy mula pagkabata ay tila batas na dapat sundin ang lahat ng ipinag-uutos ng ama.

Malaki ang takot niya rito. Marami nang beses na lihim na nagrerebelde ang puso niya. Ngunit wala siyang magawa. Manipulado nito ang buhay niya.

Nang maghiwalay ang kanyang mga magulang noong sampung taong gulang pa lang siya, sobrang pighati ang naramdaman niya noon. Pakiramdam niya ay lalo siyang nakulong sa manipuladong buhay sa piling ng kanyang ama. Dobleng pagrerebelde ang naramdaman niya noon. Kasabay ng pagtatanim niya ng lihim na galit para sa mommy niya.

Alam niyang pagka-graduate niya ng kolehiyo ay nakatakda nang mangyari ang mga bagay na ito. Tatlong buwan pa lang mula noong magtapos siya ng kursong Business Management.

She did not expect it would be this hard for her to accept everything. Matagal na niyang inaasahan na mangyayari ito. Pero ngayon lang siya nakaramdam ng ganoong klase ng pagkabahala sa buong buhay niya.

Mabait si Meynard at nararamdaman niyang totoong mahal siya nito. Responsable rin ang binata sapagkat nagagawa nitong i-manage nang maayos ang ilang businesses ng pamilya nito. Minsan ay nasabi sa kanya ng daddy niya na lalong parang hinihipang lobo ang pag-asenso ng mga Montecillo

mula nang hawakan ni Meynard ang ilang negosyo ng mga ito.

Pero hindi niya ito kayang mahalin. She could not remember how many times she had tried to make herself fall for him. Ngunit lagi siyang bigo na gawin iyon.

Pinahid niya ang namuong luha sa sulok ng kanyang mga mata. Isang balak ang tahimik niyang pinag-iisipan. Bago siya nakatulog nang gabing iyon, isang solidong desisyon ang nagawa niya.

---

Mabilis na pinaharurot ni Sandy ang kotse niya sa kahabaan ng daan. Nanlalabo ang windshield ng kanyang kotse bagaman mabilis ang paggalaw ng wipers.

Malalakas ang patak ng ulan. Kung bakit naman sinabayan pa ng masamang panahon ang gabi ng pag-alis niya.

Kasalukuyang wala sa Maynila ang kanyang ama. Tulog ang lahat ng kawaksi sa bahay nila nang lisanin niya iyon. Hindi na rin siya nagpaalam kay Yaya Poncia. Ayaw niyang ma-guilty pa ang matanda na may alam ito sa pag-alis niya. At tiyak kokomprontahin ito ng ama niya at sesermunan

dahil hinayaan siyang umalis nang ganoon lang. Para hindi na nito kailanganin pang magsinungaling, hindi na niya ipinaalam ang plano niya rito.

Sinabayan ng pagkulog at pagkidlat ang masamang panahon. Pero nagpatuloy siya sa pagmamaneho. Nasa kahabaan na siya ng South Superhighway.

Hinagilap niya ang kanyang cellphone sa dashboard.

"Damn!" Nanlumo siya nang makitang walang signal iyon. Iniisip tuloy niya kung paano niya mako-contact si Elaine Mascarenas.

Naging kaklase niya ito sa college at naging kaibigan na rin. Minsan na siyang naisama nito sa private resort ng pamilya nito sa Lemery, Batangas nang maging partner sila sa paggawa ng kanilang baby thesis noon. Mula noon, tumitiyempo siyang out-of-town ang daddy niya kapag pumupunta siya sa resort ng kaibigan. Minsan ay nabanggit nito sa kanya na after graduation ay ima-manage na nito ang naturang resort. Sabay silang nag-graduate sa magkaibang kurso ngayong taon.

Ngunit wala itong alam tungkol sa pagtungo niya ngayon sa bahaging iyon ng Batangas. Alam

niyang hindi kilala ng daddy niya si Elaine. Hanapin man siya nito at ipagtanong sa mga kaklase at kaibigan niya, imposibleng matagpuan siya nito. Dahil siya lang ang naging kaklase at kaibigan ni Elaine na naisama nito sa resort ng mga ito.

Introvert ito noong nag-aaral pa sila. Waring sinasadya nitong iwasan ang ibang mga kaklase nila na panay ang tukso rito. Mataba kasi si Elaine. Nagkaroon ito ng inferiority complex dahil doon. Naging close lang sila nang minsang pumasok siya sa klase na nawala ang ballpen niya at pinahiram siya nito ng pangsulat. Naging magkaklase sila sa isang minor subject at naging magkatabi pa sa upuan. Mula noon ay naging magkaibigan na sila.

Noon niya nadiskubre na bagaman tahimik si Elaine, naging close sila. Mabait ito at medyo kikay rin.

Muli niyang hinagilap ang cellphone niya at ini-off na iyon. Anumang sandali ay alam niyang tatawagan siya ng ama at gusto niyang iwasang ma-contact nito.

Ilang oras pagkaraan ay nasa Lemery na siya. Mukhang mas lalo pang papasama ang panahon. May kasama nang malakas na hangin ang ulan.

Mayamaya pa ay nasa harap na siya ng malaki at mataas na gate. Sa gilid ng gate ay nakasulat ang malaking pangalan ng naturang resort na nakadisenyo sa isang wooden board: *Villa Elaine Resort*.

Ipinasok niya ang kotse sa loob niyon. Inihimpil niya iyon sa harap ng villa na pag-aari ng pamilya ni Elaine.

Bumusina siya ngunit nanatiling walang lumalabas mula sa main door. Kita niya iyon mula sa kinaroroonan dahil mababa lamang ang gate. Inulit niya ang pagbusina. Napangiti siya nang mapansing bumukas ang pinto.

Sandaling sinipat siya ng katiwala ng bahay na si Aling Tinay. Nakangiting kumaway siya rito.

"Aling Tinay, si Sandy po," pakilala niya dahil alam niyang may kalabuan na ang mga mata nito lalo na kapag malayuan.

Kaagad gumuhit ang ngiti sa mga labi ng matandang babae. "'Kuu, ikaw pala. Sandali." Kaagad na hinagilap nito ang malaking payong sa gilid ng porch. Bumaba ito sa dalawang baitang ng porch, at lumapit sa gate saka binuksan iyon. Nang mai-park ng dalaga ang sasakyan sa garahe

ay umibis siya. "Pasok ka, pasok. Bakit ba bagyung-bagyo, eh, napasugod ka, ha?"

"Oo nga ho, eh. Si Elaine ho, Aling Tinay?" tanong niya nang makalapit sa matanda. Nakasukob siya sa payong nito habang tinutungo ang front door.

"Naku! Katukin mo na sa kuwarto, hija. Maagang natulog palibhasa'y walang masyadong okupante ang resort."

Tumango siya. At home na siya sa bahay ng mga Mascarenas. Welcome na welcome din siya kay Aling Tinay. Natutuwa raw ito na nagkaroon si Elaine ng totoong kaibigang katulad niya.

Dumerecho na siya sa kuwarto ng babae at kumatok sa pinto niyon. Mayamaya lang ay nabuksan na iyon. Pupungas-pungas pa si Elaine nang tumambad sa paningin niya.

"Aling Tinay naman, ang sarap-sarap pa ng tulog ko—" Nabitin sa ere ang sasabihin ni Elaine nang mapagsino siya. Napakurap-kurap ito, pagkuwan ay gulat na napatili. Nawala na ang antok nito. "Oh, my God! Ano'ng ginagawa mo rito?"

"Grabe ka naman, parang kagulat-gulat talaga na narito ako," nakairap na sabi ni Sandy.

Napalabas ito ng silid at sinipat siya ng tingin. “Bagyung-bagyo, sumugod ka rito. May giyera ba?”

“Naku! Mamaya na nga ang tanong. Pakainin mo muna ako, ’no! Ginutom ako sa biyahe, eh.”

“Okay, okay. Tayo na sa kusina.”

Sinabayan niya ito nang humakbang ito patungo sa kusina. Tinawag nito si Aling Tinay at ipinainit ang ulam. Nang inihain iyon sa mesa, nagsimula siyang kumain.

“Ngayong kumakain ka na, siguro naman puwede ako ulit magtanong. Bakit nga pala napasugod ka rito?” ani Elaine.

Biglang nalungkot ang expression ng mukha niya. “Ini-announce na ni Daddy ang tungkol sa wedding namin ni Meynard. You know naman, ayaw kong magpakasal sa kanya. Hindi ko pa rin maramdaman ’yung love, eh.”

“Ewan ko sa ’yo. Ang guwapo-guwapo ng boyfriend mo. Kapag sinusundo ka sa school, tingin ko’y love ka talaga. Mukhang dignified at responsible. What more could you ask for?”

“Ah, basta. ’Yung love pa rin ang importante sa ’kin.”

"Kung sabagay nga," sang-ayon na rin nito. "Paano kung malaman ng daddy mo na dito ka nagtatago?"

"Hindi niya malalaman," tila may kasiguruhang sabi niya.

Nagkibit-balikat lang si Elaine. "Anyway, welcome na welcome ka dito, bes." Short iyon for best friend. "Kahit hindi ka na umuwi, okay lang."

# 2

Maaga pa lang ay naisipan na ni Sandy na maglakad-lakad sa tabing-dagat. Maganda ang panahon, palatandaang wala na ang bagyo. Nagsisimula nang sumilip ang araw sa silangan. Gayunpaman, medyo malamig pa rin ang tama ng hanging-dagat sa kanyang balat.

Nakayapak lamang siya habang naglakad-lakad sa baybay-dagat. Natutuwa siya na waring nilalaru-laro ng along humahalik sa dalampasigan ang kanyang mga paa. Inililipad ng hangin ang laylayan ng mahabang bestida niya, maging ang buhok niya na lampas-balikat ang haba.

Pabalik na sana si Sandy sa villa nang bigla siyang matigilan. Parang may nahagip ang tingin niya.

Gulat siyang lumingon. Para lamang matigilan nang mapansin ang isang lalaking padapang nakahiga sa buhanginan habang tila walang malay-tao na inaabot ng alon sa tabing-dagat.

Nagmamadali siyang humakbang palapit dito. Hindi niya malaman ang gagawin nang mapansing

tila wala talagang malay ang naturang lalaki.

Nagmamadali niyang iginala ang tingin sa paligid. Nakita niya ang asawa ni Aling Tinay na si Mang Isko na kasalukuyang gumagawa ng mga sira ng lambat. Nabanggit sa kanya ng matandang babae na paghahayuma ang tawag doon.

Nagtatakbo siya palapit dito at sinabi ang nakita. Kaagad itong napasugod sa lugar na itinuro niya.

Pinulsuhan nito ang estranghero.

"Buhay pa siya," anitong saglit siyang tiningala. Mabilis ang kilos na binuhat nito ang lalaki hanggang sa parteng hindi naaabot ng tubig. Tanging pantalong maong lamang ang suot nito.

Nang lingunin siya ni Mang Isko, nakita niya sa mukha nito ang pagnanais na tulungan ang naturang lalaki. "Kailangan siyang i-mouth-to-mouth resuscitation, Ma'am," anito sa kanya. "Marunong po ba kayo?"

"Ho?" gulat na sambit ni Sandy. Ang totoo, marunong siya dahil kasama iyon sa itinuro sa kanila noong mag-volunteer siya sa *Red Cross*. Pero hindi niya alam kung bakit nag-aalangan siyang gawin iyon ngayon.

Saglit siyang nag-atubili habang nakatingin sa guwapong mukha ng lalaking walang malay-tao. May napansin siyang mga galos sa mukha nito na marahil ay tumama rito habang nakikipaglaban sa sama ng panahon sa laot. Ano kaya ang nangyari rito? Paano kaya ito napunta sa resort?

"Ma'am," muling untag ni Mang Isko, "alam kong hindi iyon basta-basta ginagawa at may tamang pagbilang iyon, di ba? Baka mamatay siya kapag ako ang gumawa dahil hindi ko ho iyon alam nang husto."

Napilitan siyang lumuhod sa gilid ng katawan ng lalaki. Atubiling ginawa niya ang mouth-to-mouth resuscitation.

Gamit ang mga kamay, ni-pump niya ang isang bahagi ng dibdib ng lalaki. Pagkatapos, inilapat niya ang kanyang bibig sa bibig nito at sinimulan itong bugahan ng hangin. Tatlong beses niyang inulit iyon bago niya naramdaman ang bahagyang pagkislot ng lalaki. Napasuka ito ng maraming tubig at nagkandaubo.

Kaagad bumakas ang tuwa sa mukha ni Mang Isko. "Ang galing mo, Ma'am." Dali-dali nitong kinarga ang lalaki sa balikat nito. Muling nakatulog ang estranghero dahil marahil sa pagod. Ni hindi

nito nagawang magpasalamat sa kanila.

Tila natitigilan pa ring napasunod si Sandy sa matanda. Gulat na gulat sina Aling Tinay at Elaine nang makita ng mga ito ang buhat-buhat ng ginoo.

“Aba, Isko, hindi na isda ang hinuhuli mo ngayon? Kailan ka pa natutong manghuli ng tao?” tila nagbibiro lang na puna ni Aling Tinay.

“Ano bagang hinuhuli ang sinasabi mo, Tinay!” ani Mang Isko. “Hindi nga kami makalusong at hinahayuma pa ang lambat, eh. Saan ko siya puwedeng ihiga, Ma’am Elaine?” baling nito sa kaibigan niya.

“Sa kuwarto ko, Mang Isko,” sagot ni Elaine.

“Ho?” gulat na sambit ng matandang lalaki.

Gulat ding napatingin si Sandy sa mukha ng kaibigan niya. Kumindat lang ito sa kanya saka muling bumaling sa asawa ni Aling Tinay. “Kayo naman, Mang Isko, hindi na kayo mabiro. Dalhin n’yo ho sa isang guest room sa itaas.”

Mayamaya lang ay hindi na sila magkandaugaga sa pag-aasikaso sa lalaki, katulong si Aling Tinay. Pinunasan ni Sandy ng bimpo na binasa ng maligamgam na tubig ang katawan at mukha nito. Si

Elaine naman ay naghahanap ng maaaring ipasuot dito.

Hindi naiwasan ni Sandy na pagmasdan ang lalaking-lalaking hubog ng katawan ng estranghero habang dumadantay ang hawak niyang bimpo rito.

Guwapo ito. Very manly ang dating ng bahagyang pangahang mukha nito. At kahit nakapikit, alam niyang magaganda ang mata nito. Matangos ang ilong nito, at maganda ang shape ng mga labi na bahagya nang namumutla dahil marahil sa tagal na pagkakababad sa tubig. Halatang alaga sa workout ang katawan nito. Matigas kasi ang mga muscles nito sa katawan. Kayumanggi ito.

Sa ilalim ng kumot ay hubad ang katawan nito. Si Mang Isko ang nag-alis ng mga suot nito bago ito inihiga sa kama. At hanggang dibdib lang nito ang pagpupunas na ginagawa ni Sandy. Dahil pakiramdam niya ay nanlalamig sa tensyon ang kanyang mga kamay kapag napapatingin sa bahagi ng kumot kung saan bahagyang nabakas ang pang-ibabang katawan nito.

Kumunot ang noo niya habang tinititigan ang mukha ng natutulog na lalaki. Parang pamilyar sa kanya ang hitsura nito. Parang nakita na niya ito pero hindi lang niya matandaan kung saan.

Napalingon siya nang marinig na bumukas ang pinto ng guest room.

“O, heto na ang susuotin niya,” bungad ni Elaine. Hawak nito ang ternong pajama bottoms at top. May hawak din itong underwear na tila bago pa. “Sa daddy ko ’to. Buti na lang may mga briefs siyang hindi pa nagagamit.” Kasalukuyang nasa States ang mga magulang nito, inaasikaso ang negosyong naiwan ng namatay na tiyuhin ng kanyang kaibigan.

“Sino’ng magsusuot sa kanya ng mga iyan?” tanong niya.

“Eh, di ako,” pilyang sagot nito.

Nanlaki ang mga mata ni Sandy. “Ano? Maaatim mong makita ang… ang…”

Napahagikgik ito. “Ano ka ba? Para binibiro ka lang, eh.” Inilapag nito sa gilid ng kama ang mga damit. “’Lika na, tawagin na natin si Mang Isko. Siya na ang bahalang magbihis sa kanya.”

Bago lumabas ng silid ay muling tinapunan ni Sandy ng tingin ang lalaki. Matagal bago niya nagawang bawiin ang tingin dito. Tinawag ni Elaine si Mang Isko para utusang bihisan ang lalaki.

“Ang guwapu-guwapo niya, ’no,” sabi ng kaibigan

habang magkatabi silang nakatayo sa veranda. Maaliwalas ang hangin doon na nagmumula sa dagat. “Kamukha siya n’ong paborito kong actor na si Matthew Mijares.”

*That’s it*, Sandy thought. Kaya pala pamilyar ito sa kanya. Hindi siya mahilig sa mga artista. Pero may mga pagkakataong nakikita niya sa TV si Matthew Mijares. At ang naturang singer/actor marahil ang naisip niya kanina na kamukha ng estrangherong napulot nila.

“Para nga,” sang-ayon niya. “Anong oras kaya siya magkakamalay?”

“Uy, interesado,” tudyo nito.

“Luka-luka!” nagba-blush na irap niya.

---

“Gising na siya! Gising na siya!” Napasugod sa veranda si Aling Tinay na bakas sa mukha ang tuwa.

Gulat na sabay silang napalingon sa kasambahay.

“Talaga, Aling Tinay?” tuwang tanong ni Elaine.

“Oho, Ma’am,” tugon nito.

“Halika, Sandy, puntahan natin siya.”

Napahinuhod si Sandy sa kaibigan nang magpatiuna itong nagtungo sa silid na okupado ng lalaking natagpuan nila sa tabing-dagat.

Napatda sila pagbungad sa loob ng silid ng estranghero. Kunot na kunot ang noo nito habang pinaglilipat ang tingin sa kanilang dalawa ni Elaine. Bahagya pang nailang si Sandy nang mapansing tila nagtagal ang tingin nito sa kanya.

"Hi!" bati ng kaibigan niya. "Mabuti at nagising ka na. Ano ba'ng nangyari sa 'yo sa laot? Maigi at nakaligtas ka."

Sinapo nito ang ulo. Nakaupo ito sa gilid ng kama at waring pilit na may hinahagilap sa isip. Umiling ito pagkatapos ng ilang sandali. "I don't remember anything."

Nagkatinginan ang magkaibigan. Muli silang bumaling sa lalaki.

"You don't remember anything? Hindi mo alam ang nangyari sa 'yo sa laot?" untag ni Elaine dito.

Umiling ito.

"Ano nga pala'ng pangalan mo?" muling tanong ng babae.

Doon ito muling natigilan. Tila lalo lang

naguguluhan na nasapo nito ang ulo. “I… I don’t know.”

Muli silang nagkatinginan ni Elaine.

“May amnesia ka?” halos magpanabay pang tanong nila.

“Ma’am, mas mabuti pa sigurong magpatawag kayo ng doktor para matingnan siya,” suhestyon ni Mang Isko.

Sinang-ayunan nila ang sinabi ng matandang lalaki na noon ay nasa loob din ng silid.

---

Nagboluntaryo si Sandy na siya ang magdadala ng soup na inihanda ni Aling Tinay sa silid ng estranghero. Pagbungad niya sa pinto habang bitbit ang tray na kinapapatungan ng bowl ng chicken macaroni soup at isang basong tubig, natigilan na siya. Nakaupo na ang lalaki sa gilid ng kama, sapo ang ulo. Matagal ito sa ganoong ayos bago tila naramdaman ang presence niya.

Ngumiti siya nang mapatingin ito sa kanya.

“Hi!” bati niya. “I brought your food. Alam ko kasi na masakit pa rin ang katawan mo kaya naisipan kong dalhan ka na lang ng pagkain. Tiyak

na nagugutom ka na."

Tumango lang ito pero hindi sumagot. Lumapit ang dalaga sa bedside table at ipinatong doon ang hawak na tray. Gusto niyang mailang nang maramdamang pinagmamasdan siya ng lalaki.

"Ano nga pala'ng pangalan mo?" Nagulat siya nang itanong nito iyon.

"Sandy," tugon niya.

"Sandy... salamat,ha."

"Wala 'yun, para ito lang."

Ilang sandaling katahimikan ang nagdaan.

"Uhm... lalabas na ako," paalam niya, sabay hakbang patungo sa pinto ng guest room.

"Sandy…"

Napatigil sa paghakbang ang dalaga nang muling marinig ang tinig nito. "Yes?" Nagtatanong ang tingin na nilingon niya ito.

"N'ong makuha n'yo ako sa tabing-dagat, paano ako nagkamalay?"

"Ha?" Hindi kaagad siya nakahagilap ng isasagot. "Uhm... pinabuhat kita kay Mang Isko para

ihiga ka sa bahagi ng dalampasigan na hindi abot ng tubig ’tapos…”

“’Tapos?”

Saglit na nag-atubili siya. “Uhm… siyempre dapat ka ring i-mouth-to-mouth resuscitation.”

“Who did that?” tanong nitong waring talagang gustong malaman ang isasagot niya.

Pakiramdam niya ay nag-init ang buo niyang mukha. Wala siyang nagawa kundi ang sabihin ang totoo. “A-ako.”

Napatango ang lalaki, pagkuwan ay matagal itong napatingin sa kanyang mga labi na ikinaasiwa niya.

“Salamat,” puno ng gratefulness ang anyo nito. “You saved my life.”

Nagba-blush pa ring lumabas na si Sandy ng silid nito.

---

“He is suffering from temporary memory loss,” anang doktor. Kaibigan ito ng daddy ni Elaine na ni-contact pa ng babae buhat sa Maynila. “Wala siyang anumang matandaan o naaalala ni isang bahagi ng

nangyari sa kanya noon. He has retrograde amnesia."

"Ano kaya ang posibleng dahilan kung bakit siya nagkaroon noon, Doc?" tanong ni Elaine.

"It may be caused by a concussion," tugon nito. "Hindi natin alam kung saan tumama ang ulo niya na naging sanhi ng sugat niya."

Napatangu-tango ang babae.

"Doc, kailan kaya posibleng bumalik ang memorya niya?" usisa naman ni Sandy.

"Well, actually, amnesia may lasts seconds to months. Depende iyon sa klase ng trauma na naranasan niya at kung gaano kalala ang trauma na inabot niya," muling tugon nito. "Well, in cases like this, panahon lang ang makapagsasabi kung kailan, hija. Any situations might cause his memory back. This is incurable. Ang tanging magagawa natin, hintayin ang pagbabalik ng memorya niya."

Nanlumo ang magkaibigan sa narinig. Manaka-nakang tinatapunan nila ng tingin ang lalaki na noon ay nakamasid sa tabing-dagat mula sa veranda.

"I have to go," paalam ng doktor sa kanila. "May mga appointments pa akong kailangang puntahan pagbalik ko ng Manila."

"Thank you, Doc," ani Elaine.

Inihatid nila ito hanggang sa labas. Mayamaya ay nagulat sila nang pahangos na lumapit sa kanila si Aling Tinay.

"Aling Tinay, bakit ho?" tanong ni Elaine.

"Aba'y nabalitaan namin ni Isko na may natagpuan daw sirang yate na lulutang-lutang sa dagat sa kabilang baryo," imporma nito. "Hindi kaya doon nakasakay itong poging bisita natin noong bago siya naaksidente?"

"Nasaan na raw ho ang yate?" tanong ni Sandy.

"Dinig ko'y iniimbestigahan na iyon ng mga pulis. Pero wala raw makitang bagay na magsasabi kung kanino ang yate. Nawala na raw siguro sa laot. Wala ring pangalan ang yate, parang bagong palit daw kasi ang pintura."

Sandaling nag-isip si Sandy. "Posible nga ho na doon siya nakasakay nang abutan siya ng masamang panahon. Pero hindi pa rin ho tayo nakakasiguro."

Halatang nag-iisip din si Elaine nang sulyapan niya ito.

Natigilan si Sandy nang mapatingin sa lalaking noon ay tahimik na nakaupo sa buhanginan. Mula nang manatili ito sa resort, napapansin niya ang madalas na pananahimik nito sa tabing-dagat. Sinabi ni Elaine dito na maaari itong manatili sa resort na iyon hangga't hindi bumabalik ang memorya nito.

Napagmasdan niya ang mukha nito. May mga bakas pa rin ng galos doon ngunit papagaling na ang mga iyon. Mas lalo nang nagiging malinaw ang facial features nito. Bahagya na ring namumula ang kayumangging balat nito.

Nagdesisyon siyang lapitan ito. "Hi!" bati niya mula sa likuran nito.

Lumingon ito gayunman ay hindi ngumiti. Muli nitong itinutok ang tingin sa dagat.

*Hmm… ang suplado naman nito. Hindi marunong ngumiti.*

"Hello! Uhm… magkano ko kaya bibilhin ang ngiti mo para lang ngitian mo ako?" tanong niyang naupo na rin malapit dito.

Sa wakas ay nakita rin niyang ngumiti ito. Lumabas tuloy ang mapuputi at pantay-pantay na ngipin nito. "Pasensya ka na, ha. Ganito siguro talaga ang nararamdaman ng mga taong may sakit na

amnesia. Gusto kong palaging mapag-isa. Pinipilit kong balikan sa isip ang nangyari sa akin pero wala talaga akong maalala."

"As in wala talaga?" tanong nin Sandy.

Tumango ito. "Ni hindi ko nga matandaan kung ano ang pangalan ko."

"Gusto mo, bigyan kita ng pangalan?" tanong niya.

Pormal ang mukhang napabaling ito sa kanya. "Ano?"

Saglit siyang nag-isip. "Well, tutal kamukha mo 'yung paboritong artista ni Elaine, si Matthew.... 'Matt' na lang ang itatawag namin sa 'yo."

Napansin niyang napangiti ito. "Talaga bang may kamukha akong artista?" tanong nito.

Tumango siya. "Yup, si Matthew Mijares."

"Fan ka ba niya?" tanong nito.

Nagkibit-balikat siya. "Nope. Wala naman akong hilig sa mga artista, eh."

"Why is that?"

Isang kibit-balikat lang ang itinugon niya rito.

Muli siyang napatingin dito nang marinig ang malalim na buntong-hiningang pinakawalan nito.

"You know, kahit wala pa akong naaalala, pakiramdam ko, gustung-gusto ko 'yung katahimikang nararanasan ko rito. I don't know."

"Hindi nga kaya ikaw si Matthew Mijares?" Pinagmasdan pa niyang mabuti ang mukha nito. "Kasi alam mo, habang gumagaling ang mga galos mo sa mukha, parang lalo mo siyang nagiging kamukha." Nagkibit-balikat din lang ito. "Anyway, forget it." Paris nito ay ibinaling na rin niya ang tingin sa dagat. Muli itong natahimik kaya hindi na rin siya umimik pa.

---

"Sandy, tingnan mo, bilis! Panoorin mo." Mula sa veranda ay hinila siya ni Elaine patungo sa sala at ipinakita sa kanya ang kasalukuyang ipinapalabas sa TV.

Napakurap-kurap si Sandy habang pinakikinggan ang sinasabi ng dalawang host ng isang talk show.

Natagpuan na umano ang yate kung saan nakasakay si Matthew Mijares noong gabing magsungit ang panahon sa laot. On vacation daw ang actor at kasama nito ang anak ni Senator

Anselmo Gatmaitan sa yate nang gabing iyon. Private celebration daw iyon para sa nalalapit na kasal ng dalawa. Pero parehong hindi matagpuan ang magkasintahan.

Nang pumasok ang commercial slot, tila tulala pa ring nakatitig sa TV si Sandy. Ngayon ay nakumpirma nilang si Matthew Mijares nga ang lalaking kasama nila sa resort.

Ngunit nagdudulot ng di-maipaliwanag na kirot sa puso niya ang narinig na balita. Kunsabagay, imposible na ang isang sikat na aktor na tulad ni Matthew ay mawalan ng girlfriend. Ngunit waring may kumurot sa puso niya nang malaman na ikakasal na pala ito sa girlfriend nito na anak ng isang senador. To think na kasama pa pala nito ang nobya nito nang gabing mangyari ang aksidente sa laot.

"Can I ask a favor?"

Gulat na sabay silang napalingon ang dalawang babae. Nakatayo si Matt sa likuran nila. Nakita nila ang tila pagkalito sa mukha nito.

"Matt, kanina ka pa ba diyan?" tanong ni Elaine.

Tumango ito. "Yeah." Natahimik sila pareho. "Kung talagang ako nga si Matthew Mijares," anito sa

pormal na tono, "hindi ko muna gustong lumantad sa publiko hangga't hindi pa bumabalik ang alaala ko. Kung pagbibigyan ninyo ako, gusto ko sanang wala munang makaalam na narito ako."

"Sure, Matt," anang babae. "Walang problema sa amin 'yun. Kaya lang, baka may makakilala sa 'yo rito. Mabuti at hindi pa peak season ngayon kaya wala pang masyadong occupants ang resort."

"Gagawa ako ng paraan para walang makakilala sa akin," tugon nito, saglit na napasulyap kay Sandy.

"Matt, ikakasal ka na pala, eh," pagbabalita ni Elaine. "Sa anak daw ni Senator Gatmaitan. Hindi mo ba maalala ang girlfriend mo?"

"I even can't remember her name," tugon nito.

"Excuse me," ani Sandy na saglit na tinapunan ng tingin ang dalawa saka dere-derechong umakyat sa itaas ng bahay.

Ramdam niyang tila sinundan siya ng tingin ng mga ito.

# 3

“Best, ano ba’ng nangyari sa ’yo kanina at bigla ka na lang nag-walk out?” tanong ni Elaine nang pumasok ito sa silid ni Sandy.

“Nag-walk out?” Kunwa ay abala siya sa panonood ng TV.

“Yup, nag-walk out. Uy, bigla yatang sumama ang pakiramdam mo nang malaman mong may girlfriend na si Matt.”

“Elaine, ano ka ba!” Pinandilatan niya ang kaibigan. “Marinig ka n’on. Ano ba’ng sinasabi mo?”

“Ows?” Nanunudyo pa rin ang pagkakangiti nito. “If I know, na-disappoint ka. Aminin mo.”

Pabirong nahampas niya ito sa braso. “Tumigil ka nga. Kung anu-ano na’ng pumapasok sa isip mo. Tsupi! Inaabala mo ako sa panonood.”

Nanunukso pa rin ang anyong tumayo ito. “Ows? Pero alam mo, bagay kayo ni Matt. Maganda ka, guwapo siya.”

“My God! Alam mo namang may girlfriend ’yung tao.”

"At kung wala?"

Nagkibit-balikat si Sandy. "Imposible ang iniisip mo. Besides, baka katulad din siya ni Mommy. Ipinagpalit kaming pamilya niya alang-alang sa show business. Ayaw kong umibig sa isang lalaking nasa larangang iyan."

Sampung taong gulang pa lang siya nang maghiwalay ang mga magulang niya. Mas nanaig ang kaway ng tagumpay sa career ng kanyang ina kaysa sa kanila ng daddy niya. Ngayon, alam niyang may iba na rin itong pamilya. Nagpakasal umano ito sa isang biyudo at mayamang pulitiko pagkatapos ng annulment ng kasal nito sa daddy niya. Alam niyang hindi na ito nagkaroon ng anak sa naging pangalawang asawa nito, na hindi na siya nagkainteres na alamin pa kung sino. Subalit batid niyang nasa limelight pa rin ang kanyang ina, paminsang-minsang gumaganap pa rin ito sa mga pelikula.

At kaparis ng daddy niya, ang ilang detalye sa buhay nito ay hindi na niya ginustong malaman pa. Mas nangingibabaw ang galit niya para rito.

Noon ay ilang beses na ring tinangka ng mommy niya na dalawin siya ngunit itinataboy ito ni Ronaldo. Maging sa school ay bantay na bantay siya upang

hindi ito magkaroon ng pagkakataon na makausap siya. Hanggang sa tila manghinawa na rin ito. Hindi na sila nito ginulo pa.

"Wala na akong sinabi," anang kaibigan niya. "Pa'no, matutulog na ako."

"'Night, bes."

"'Night." At lumabas na ito ng silid niya.

Ini-off na ni Sandy ang telebisyon. Wala rin naman sa pinapanood ang isip niya. Mabigat ang pakiramdam niya nang tumayo. Lumabas siya ng silid at nagtungo sa veranda para magpahangin.

"Hi!"

Kaagad na kumabog ang dibdib niya nang marinig ang pamilyar na tinig. Hindi niya alam kung bakit ganoon ang epekto sa kanya ng tinig ni Matt. Marinig lang niya iyon ay kumakabog na kaagad sa kaba ang dibdib niya.

Pumihit siya at nilingon ito. "Gising ka pa rin pala."

"Yeah, I can't sleep." Humakbang ito palapit at tumayo malapit sa kanya. Itinuon nito ang dalawang braso sa barandilya saka tumingin sa labas ng bakuran ng resort.

"B-bakit?" tanong niya. "Iniisip mo siguro kung ano na ang nangyari sa girlfriend mo, 'no?"

Isang iling ang itinugon nito. "Mahirap makaramdam ng pag-aalala sa taong hindi ko kilala. Ni hindi ko nga matandaan ang hitsura ng sinasabi nilang girlfriend ko. Wala pa rin akong maalalang kahit na ano. Hindi ko pa nga sigurado kung ako talaga si Matthew Mijares. Malay natin, may kakambal pala ako." Ngumiti ito pagkasabi niyon.

"Pero ikaw lang naman ang posibleng sakay ng yate na natagpuan sa kabilang baryo, hindi ba?"

"I don't know," tila naguguluhang tugon nito.

Sandaling katahimikan ang nagdaan bago naramdaman ni Sandy na tila pinagmamasdan siya ng katabi. Nang balingan niya ito, pakiramdam niya ay nag-init ang kanyang mga pisngi nang matagpuang nakatingin nga ito sa kanya. Mabuti na lang at dim ang liwanag doon kung kaya sigurado siya na hindi nito napansin ang pagba-blush niya.

"How about you?" tanong nito. "Bakit hindi ka makatulog? Sino'ng iniisip mo?"

Nag-iwas siya ng tingin dito. "I'm not thinking of anyone."

“Come on.” Biglang tila nanunukso ang ngiti nito.

Lalo tuloy naging guwapo si Matt sa paningin niya. Bagaman hindi siya nakapanood ng mga pelikula nito, alam niyang isa itong premyadong aktor. Ilang movies nito kung saan ito ang lead role ang madalas na nakikita niya noon sa mga trailers sa TV.

“Wala akong iniisip,” aniya. “Gusto ko lang talagang magpahangin dito.”

“Wala kang boyfriend?”

Muling napabaling ang tingin niya rito. Waring hinihintay talaga nito ang kasagutan niya habang nakatitig sa mukha niya.

Mabilis niyang iniiwas ang tingin. “Actually, meron. Gusto na nga kaming ipakasal ng daddy ko. That’s the reason why I’m here. Pinagtataguan ko ang daddy ko dahil hindi ko gustong magpatali sa isang lalaking hindi ko naman gusto.”

“Wow!” palatak nito. “So, pareho pala tayong wanted kung gayon?”

Sabay silang nagkatawanan.

---

“Come on, read it.”

Inabot ni Sandy ang diyaryo na inaabot ni Elaine. Binasa niya ang artikulong itinuro nito sa kanya.

Ayon sa balita, matapos ang ilang araw na paghahanap ng mga awtoridad, sa wakas ay natagpuan nang buhay ang anak ni Senator Gatmaitan. Kinalinga ito ng matandang mag-asawa na nakakita rito habang nangingisda ang mga ito sa gitna ng laot at inabutan din ng masamang panahon.

Matapos ang isang linggong pananatili ni Sofia sa ospital at makabawi ito ng lakas, ipina-contact nito ang ama sa Maynila. Kaagad ipinakuha ng senador ang anak nito sa isang ospital sa Puerto Galera kung saan ito na-confine. Sa ngayon, kasabay ng tuluyang pagpapagaling ng dalaga ang matinding paghihinagpis nito sa kaalamang hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa rin matagpuan ang nobyo nitong aktor na si Matthew Mijares.

Ilang saglit na natahimik si Sandy bago niya nagawang ibalik sa kaibigan ang hawak na diyaryo.

“A-ano’ng gagawin natin?” tanong ni Elaine. “Hindi pa ba natin ipapaalam na narito si Matt?”

“Iyon ang ipinakiusap niya, right?” sagot niya.

“Well, ’sabagay.” Sumalampak ito sa sofa. “Naisip ko kasi, sooner or later, may makakakilala din dito kay Matt.”

“I know. Pero habang hindi pa nangyayari ’yon, sundin na lang natin ang gusto niya.”

Bitbit ang diyaryo, lumabas siya ng bahay at naglakad sa tabing-dagat. Hinanap niya ng tingin si Matt ngunit hindi niya ito makita. Naglakad pa siya hanggang makarating sa ilang puno ng niyog sa di-kalayuan. Nagsisimula nang lumubog ang araw sa kanluran.

Natigilan siya nang makita roon ang lalaki. Bigla ang di-maipaliwanag na pagsikdo ng dibdib niya at the sight of him. Hindi niya alam kung bakit nakakaramdam siya ng tensyon sa tuwing mapagmamasdan niya ito. Madalas ding hinahanap ito ng mga mata niya sa tuwing nawawala ito sa kanyang paningin. Lihim tuloy niyang pinagagalitan ang sarili dahil doon.

May hawak itong gitara na alam niyang hinihiram nitong madalas kay Mang Isko. Mahina itong tumutugtog doon habang seryosong nakatingin sa karagatan. Nakaupo ito sa isang wooden chair sa ilalim ng puno. Nakasuot ito ng isang fisherman’s hat at dark glasses na ipinahiram dito ni Elaine mula sa

mga gamit ng ama nito. Ingat na ingat ito na walang makakilala rito. Sinasadya rin nitong lumayo sa ilang occupants ng resort na naliligo sa dagat.

“M-Matt?”

Awtomatikong lumingon ang binata. Ngumiti ito pagkakita sa kanya. Iminuwestra nito ang bakanteng espasyo sa tabi nito. Pinauupo siya nito roon.

Humakbang siya palapit dito at umupo sa tabi nito.

“Problem?” kaagad na tanong ng lalaki. Ibinaba na nito ang hawak na gitara.

“May amnesia ka pero parang saulado mo pa rin ang mga chords ng kinakanta mo,” napapantastikuhang sabi niya.

Nagkibit-balikat ito. “Ang skills siguro, hindi basta nakakalimutan,” waring napantastikuhan ding tugon nito. “Despite the trauma, I feel that I’m already in this craft. I always find myself honing this craft.”

Tumango siya saka iniabot dito ang hawak na diyaryo.

Matagal itong natahimik matapos basahin ang news article. Hindi niya mabasa ang ekspresyon ng

mukha nito.

“Maganda pala ang girlfriend mo,” aniya habang nakatingin sa litrato ni Sofia Gatmaitan sa diyaryo.

Saglit na napatitig doon si Matt. Mayamaya ay bumaling ito ng tingin sa kanya. “Mas maganda ka,” anito.

Nag-blush siya.

“Alam mo bang gusto kong iumpog ang ulo ko sa pader, Sandy?” anito mayamaya. “Kung babalik pa ang memorya ko, bakit hindi pa ngayon? Kung talagang girlfriend ko nga si Sofia Gatmaitan, I could have been there. Gusto kong ipaalam sa lahat na buhay pa ako. But I can’t do it yet. Hindi ko pa kilala ang sarili ko. Damn!”

Namalayan na lamang ng dalaga na hinahagod niya ang likod nito. Kaya nagulat na lang siya nang bigla siyang kabigin nito at ikulong sa mga bisig.

“I’m glad you’re here, Sandy,” anas ni Matt. “Hindi mo lang alam kung paano mo binubuo ang pagkatao ko kapag nasa tabi kita.”

Napalunok siya sa nararamdamang tensyon. Pakiramdam niya ay mabibingi siya sa lakas ng tibok ng dibdib niya nang sandaling iyon. Lalo na

nang ikulong nito ng dalawang palad ang kanyang mukha at titigan siya sa kanyang mga mata.

“M-Matt…” Hindi niya malaman ang sasabihin.

“Kapag bumalik na ang memorya ko, I still want you to be at my side. Can you promise me that? Can you promise that, Sandy?”

Hindi siya nakasagot. Kapag bumalik na ang memorya nito, alam niyang napakarami nang conflict sa pagitan nila. Hindi niya kayang ipangako iyon. Maliban na lang kung kaya niyang gawin iyon nang hindi siya masasaktan. Dahil ngayon pa lang, alam niyang mahal na niya ito.

God, hindi niya alam kung paano nangyari. Ngayon lang sumikdo nang ganoon ang dibdib niya sa simpleng pagtatama lang ng mga tingin nila nito. He could send her knees trembling by just being near him.

“I… I don’t know, Matt. I don’t know.”

Ilang saglit itong hindi nakaimik. Gumuhit ang disappointment sa mukha nito. Ramdam ni Sandy ang tila bigat na dumagan sa dibdib niya nang kumalas ito sa pagkakayakap sa kanya.

“Bumalik ka na sa villa,” anito sa seryosong tinig.

"Medyo malamig na dito. Baka magkasakit ka."

"M-Matt?"

"Please leave me alone, Sandy," seryosong pakiusap nito. "I just want to think things over."

Mabigat ang mga paang tumayo siya at nagsimulang maglakad pabalik sa villa.

---

Napabalikwas si Sandy nang magising. Nang tingnan niya ang oras ay alas diez na ng gabi. Nagmamadali siyang bumangon at lumabas ng silid. Mula pa kanina ay hinahanap na niya ang binata. Nalaman niya mula kay Aling Tinay na maaaring nag-jet ski ito. Hindi niya akalain na nakatulugan na niya ang paghihintay rito.

Nang mapatapat siya sa pinto ng silid na okupado ni Matt, bahagyang sumasal ang tibok ng dibdib niya nang makitang bukas iyon. Curious siyang sumilip sa loob niyon ngunit wala roon ang lalaki. Wala rin ito sa veranda. Madilim doon at patay ang ilaw.

Akmang bubuksan niya ang switch ng ilaw nang biglang may humawak sa kamay niya. Ang balak niyang pagsigaw ay pinigil ng kung sinong yumakap sa kanya.

Ilang saglit na nagpipiglas siya hanggang sa marinig niya ang tinig nito.

"Shh…" saway nito. "Huwag kang maingay."

"M-Matt?" Kaagad siyang nakadama ng tuwa nang makilala ang boses ng lalaki. Pero kasabay niyon ay naramdaman niya ang nakakabinging pagtibok ng kanyang puso. "A-ano'ng… ano'ng ginagawa mo rito?"

"Ako ang dapat na nagtatanong niyan," anito sa mahinang tinig. Ramdam niya ang init ng hininga nito na tumatama sa kanyang mukha. "What are you doing here? Ang alam ko ay himbing na himbing ka kanina. Ginigising ka ni Elaine para sa hapunan pero hindi ka magising."

"N-nagpapahangin lang ako," napalunok na tugon niya.

Ilang saglit na katahimikan ang nagdaan na waring pinagmamasdan lang siya ni Matt sa dilim. Naramdaman niya ang paghagilap nito sa kanyang kamay.

"I have an important thing to tell you, Sandy," anas nito. "Gusto kong ikaw ang unang-unang makaalam nito."

"What is it?" bahagyang kinabahang tanong niya.

"Come." Iginiya siya nito hanggang sa barandilya ng veranda. Madilim pa rin sa bahaging iyon pero hindi man lang ito nagtangkang buksan ang ilaw. Hindi rin maliwanag ang buwan nang gabing iyon.

"Kanina, habang nag-je-jet ski ako, bigla na lang may pumasok na alaala sa isip ko. I heard someone's voice calling out my name. Humihingi siya ng tulong. Pinipilit kong lumapit pero parang inilalayo ako ng alon."

"Anong… anong pangalan ang tinatawag niya?"

"At first, I heard her calling me 'n.babes.' 'Tapos, n'ong marinig kong tila nawawalan na siya ng pag-asa, narinig kong binanggit niya ang pangalang… ang pangalang 'Matthew.'"

Napakurap-kurap si Sandy habang pinagmamasdan ito sa dilim. Matagal bago niya nakuhang makapagsalita. "So, malinaw na ngayon na ikaw talaga si Matthew Mijares. At ang babaeng tumatawag sa 'yo ay ang… ang girlfriend mo."

Hindi ito nakasagot. "But I don't remember anything except that. Pangalan ko pa lang 'yun, Sandy. Ang buong pagkatao ko, nawawala pa rin."

Marahan niyang pinisil ang balikat nito bilang pang-alo. "Don't worry, Matt. Babalik din ang alaala mo. You just have to wait."

"Yeah, I think you're right."

"Pa'no, bababa na ako sa kusina. Nagugutom na ako, eh." Tinalikuran niya ito para bagtasin ang daan patungo sa hagdanan.

"Oh, wait!"

Napatigil siya sa paghakbang nang marinig ang tinig ng lalaki. Muli niya itong nilingon. Napansin niyang binuksan na nito ang ilaw. Lumapit ito sa kanya.

Kumunot ang noo ni Sandy nang makitang may kinuha ito mula sa bulsa ng knee-length shorts na suot nito.

"This for you," anitong iniladlad sa harap niya ang isang pink bracelet na gawa sa beads. Napatda siya nang mabasa ang pangalan niya roon na binuo sa pamamagitan ng mga puting beads.

"Binili mo para sa 'kin?" nagtatakang tanong ng dalaga. "Saan?"

"Nagje-jet ski ako kanina nang mapadaan ako sa kabilang resort. May isang kubol doon sa hanay

ng mga souvenir shops na puwedeng magpasadya nito. Nagpagawa ako ng may pangalan mo. Saglit ko lang hinintay 'yan. Ang bilis nilang nagawa."

Napangiti si Sandy. Kinuha nito ang kanyang kamay at ito ang nagsuot niyon sa kaliwang kamay niya.

"Ang ganda." Saglit niyang itinaas ang braso para sipating mabuti ang suot na bracelet. "Salamat, ha."

"Wala bang kiss?" nangingiting tanong nito.

Namumulang inirapan niya ang kaharap. Lumapit siya rito at akmang hahalikan ito sa pisngi. Ngunit gumalaw ang mukha nito kung kaya sa halip na sa pisngi ay sa mga labi nito tumama ang halik niya.

Matagal na naghinang ang kanilang tingin. Napapikit na lang si Sandy nang makita ang unti-unting pagbaba ng mukha ni Matt sa mukha niya. Hanggang maramdaman niya ang tuluyang paglapat ng mga labi nito sa labi niya. He deeply kissed her.

Matagal sila sa ganoong ayos bago na-realize ng dalaga ang nagaganap. Napapahiyang kumalas siya sa pagkakayakap nito at nagba-blush na nag-iwas ng tingin.

"I haven't eaten yet," anito. "Sabay na tayo."

"Hindi ka pa kumakain?" nagtatakang ulit niya.

"Hinihintay talaga kitang magising," kumpisal nito. "Well, gusto ko nga kasing ibigay sa 'yo ang bracelet na 'yan. Gusto ko ring makasabay ka sa pagkain."

"Paano kung kinabukasan na ako nagising?" Hindi niya ipinahalata ang naramdamang tuwa sa narinig.

"Then I'd rather not eat."

Napangiti si Sandy. Mayamaya ay muli niyang naramdaman ang paghawak ni Matthew sa isang kamay niya. Sabay nilang binagtas ang hagdanan pababa upang tunguhin ang kusina.

# 4

Pinagmasdan ni Sandy si Matthew habang gumagawa ito ng bonfire malapit sa kinaroroonan niya. Nagyaya itong mag-night swimming. Gusto sanang sumama sa kanila ni Elaine pero mag-i-internet daw ito.

Ipadadala nito through e-mail ang ilang reports tungkol sa sales ng resort na hinihingi ng daddy nito. Kahit nasa States ay gustong makasiguro ng ginoo na smooth-sailing ang takbo ng negosyo.

Alam niyang dahilan lang iyon ng kaibigan. Nang paalis na sila sa villa, bumulong ito sa kanya, "Three is a crowd. Enjoy yourselves, okay?"

Nagbabaga na ang bonfire nang saglit na magpaalam sa kanya si Matthew. Tumango lang siya.

Niyakap ni Sandy ang sarili nang mapag-isa. Mayamaya, nagulat siya nang makarinig ng mahinang tugtog ng gitara mula sa likuran niya.

Napalingon siya. Napalis ang ngiti niya nang marinig itong nagsimulang kumanta.

*I used to think that love was just a fairy tale*

*Until that first hello, until that first smile*

*But if I had to do it all again*

*I wouldn't change a thing*

*'Cause this love is everlasting*

Napakurap-kurap siya sa pagkakatingin dito. Nang minsang mapakinggan nila ni Elaine sa CD ang awiting iyon, nasabi nito sa kanya na isa iyon sa revival songs ng binata na pinasikat nito. Winning piece din umano nito iyon noong lumaban ito sa isang international singing competition na ginanap sa ibang bansa. Iyon ang naging break nito sa pagpasok sa limelight bilang isang performing artist. Hanggang sa pasukin na rin nito ang showbiz career na lalo pang nagpabango sa pangalan nito.

Hindi siya makapaniwalang ang sikat na umawit ng kantang iyon ay umaawit ngayon sa harapan niya—may damdamin, may pagsuyo.

*Suddenly life has new meaning to me*

*There's beauty up above*

*And things we never take notice of*

*You wake up suddenly you're in love*

Nang matapos ito sa pagkanta, nagyuko siya ng ulo. Namalayan na lamang niyang namumuo na ang luha sa sulok ng mga mata niya. Iniwasan niyang mapatingin kay Matt nang maramdaman ang pag-upo nito sa tabi niya.

Naramdaman niya ang paghawak nito sa kamay niya.

"Look at me, Sandy," anito sa mahina at masuyong tinig.

Napilitan siyang mag-angat ng tingin. Ilang sandali itong natigilan nang makita ang luhang naglandas mula sa mga mata niya.

"Nakakaiyak ba ang kinanta ko?"

Nag-iwas siya ng tingin. "Actually, para kasing hindi ako makapaniwala na personal akong kinakantahan ng isang Matthew Mijares. Dati-rati kasi, sa CD ko lang naririnig ang boses mo."

Natatawang ginulo ng lalaki ang buhok niya.

"Come to think of it, may amnesia ka, di ba?" tanong niya. "Nagtataka lang ako kung bakit hindi

mo nagawang kalimutan ang lyrics ng kantang inawit mo."

Nagkibit-balikat ito. "I don't know. Madalas ko kasing marinig iyan sa CD player ni Elaine sa sala. Madalas ko lang sinasabayan ang kantang 'yan, then that's it. Parang sadyang talagang alam na alam ko na 'yon."

"Can you sing it again?" nangingiti nang request ni Sandy.

"Baka umiyak ka na naman?" natatawang saad nito.

Umiling siya. "Promise, hindi."

"Okay."

Muli itong tumipa ng pasakalye sa gitara. Hanggang muling pumainlanlang sa ere ang madamdaming tinig ng binata.

She thought she would be good at her promise not to cry. Pero hindi pala. Namalayan na lamang niyang umiiyak na naman siya habang nakikinig sa pag-awit nito.

"Si Matthew Mijares! Si Matthew Mijares!"

Awtomatikong napatigil sa pagkanta ang binata.

Halos sabay silang napalingon sa pinanggalingan ng tinig. Pagkatapos, waring hindi na ito nag-isip nang mabilis siyang hilahin papalayo.

Nahagip ng tingin nila ang namamalikmatang pagsunod ng tingin sa kanila ng mga taong natawag na ang pansin ng taong sumigaw kanina.

Hindi alam ni Sandy kung saan sila patungo ni Matthew. Basta nararamdaman niyang tumatakbo sila sa madilim na bahaging iyon ng halamanan. Hanggang makarating sila sa likod ng isang malagong halaman at magtago roon. Habol nila pareho ang kanilang hininga nang sabay silang tumigil sa pagtakbo.

"Paano nila nalaman na ikaw si Matthew?" tanong niya. "Medyo madilim naman sa lugar natin, ah. And besides, walang makakakilala sa 'yo dahil sa sumbrerong suot mo."

"My song," simpleng tugon nito sa seryosong anyo. "She must have heard me sing my song."

Napatangu-tango siya. Mula sa malamlam na liwanag na nagmumula sa buwan, nakita niya ang seryosong pagtitig sa kanya ni Matthew.

Napalis ang ngiti ni Sandy nang magtama ang mga tingin nila. Naramdaman niya ang masuyong

paghaplos ng kamay nito sa kanyang pisngi. Ramdam niya ang tila nakakabinging pagtambol ng kanyang dibdib. Tila biglang nawalan ng lakas ang kanyang mga tuhod. Kusa siyang pumikit nang maramdaman ang unti-unting pagbaba ng mga labi ng lalaki sa kanyang bibig.

Nagsimulang manginig ang mga labi niya. Hindi niya malaman kung paano tutugon sa simula. Pero nang maramdaman ang mas mariing pag-angkin ni Matthew sa mga labi niya, kusa niyang ibinuka iyon para tugunin ang mainit na halik nito.

“Nakita ko siya! Dito sila nagtatakbo, eh. May kasama si Matthew.”

Awtomatikong napakalas sila sa isa’t isa nang marinig ang pag-uusap na iyon. Namalayan na lamang ng dalaga ang mahigpit na pagkabig sa kanya ni Matthew nang magsumiksik silang lalo sa malagong mga dahon ng puno.

Nang marinig nila ang paglampas ng mga yabag, lumabas sila mula sa pinagtataguan at patakbong bumalik ng villa. Sabay silang nagkatawanan nang makarating doon.

Parang ayaw pa nilang maghiwalay nang mapatapat siya sa pinto ng kuwarto niya.

"Good night," anito.

"'Night." Pumasok na siya sa silid niya.

Pakiramdam ni Sandy ay nanghihina pa rin ang mga tuhod niya nang sumandal siya sa likod ng pinto. Matagal bago niya naramdaman ang papalayong mga yabag ni Matthew.

Nang mahiga siya sa kama, hindi siya kaagad dinalaw ng antok. Pilit na nagsusumiksik sa isip niya ang intimate na sandaling namagitan sa kanila ng lalaki kanina.

Lihim na pinagalitan niya ang sarili.

*Hindi ka dapat umasa, Sandy*, anang isang bahagi ng utak niya. Kapag muling bumalik ang memorya ng lalaki, babalik na rin sa normal ang lahat—at si Matthew, matatagpuan muli nito ang sarili sa piling ni Sofia Gatmaitan.

May nakapa siyang kirot sa kanyang dibdib sa isiping iyon. Nakatulog siyang hindi matiwasay ang isip.

---

Naguluhan si Sandy nang makita ang pagkabahala sa mukha ni Elaine matapos nitong ibaba ang cellphone nito. Bothered na napatingin

ito sa kanya.

“B-bakit?” kunot-noong tanong niya.

“Tumawag ’yung isang naging kaklase natin. Tinatanong kung alam ko raw kung nasaan ka. Hinahanap ka raw kasi ng daddy mo sa kanya. Siyempre hindi ako umamin.”

“Paano niya nalaman ang number mo?” tanong niya.

Nagkibit-balikat ito. “I don’t know,” anito. “Pero may problema, Sandy.”

“A-ano?” Lalo nang kumunot ang noo niya.

“Nasa ospital daw ang daddy mo, inatake sa puso.”

Nabigla sa narinig ang dalaga. Ilang sandali siyang hindi nakapagsalita. Namalayan na lamang niyang tumutulo na ang luha niya.

Lumapit si Elaine sa kanya. “He’s gonna be all right, bes,” anito na panay ang hagod sa likod niya. “Hindi naman siguro grabe ang atakeng nangyari sa daddy mo.”

Napayakap siya sa kaibigan. “Kasalanan ko, Elaine. Kasalanan ko ’to.”

"Shh... don't say that."

"I have to go," aniya. "Kailangan ako ng daddy ko."

Tumango ito. "Okay, talagang kailangan mo ngang umuwi."

Kaagad na nagtungo si Sandy sa silid niya. Inihanda niya ang kanyang mga gamit sa isang duffle bag. Akmang isasara na niya ang zipper niyon nang maramdaman niyang may nagmamasid sa kanya.

"Aalis ka?"

Awtomatikong napalingon siya sa pintong nakabukas. Hindi siya nakakilos nang makita sa tapat niyon si Matthew. Hindi niya alam kung tama ang lungkot na nakikita niya sa mga mata nito.

"I have to," aniyang sandaling nag-iwas ng tingin. "Inatake raw sa puso ang daddy ko."

Isang buntong-hininga ang narinig niyang kumawala mula sa mga labi ng lalaki. Humakbang ito palapit sa kanya at ikinulong siya sa mga bisig nito.

"Kung babalik ka, I'm going to wait." Hindi niya napigilan ang pagtulo ng luha niya. "Mahal kita, Sandy," anito sa seryosong tinig. "Mahal na mahal

kita."

Napakurap-kurap siya. Gusto na namang sumakit ng loob niya. Maaaring mahal siya nito ngayon. Pero paano kapag muling bumalik ang memorya nito?

Kumalas si Sandy mula sa pagkakayakap nito at hinagilap ang kanyang duffle bag. "I have to go," aniyang pinipigil ang paggaralgal ng tinig. "Goodbye, Matt." Bitbit ang kanyang bag na tinalikuran niya ito.

Nasa kotse na siya nang tuluyang bumagsak ang luha niya. Binuhay niya ang makina niyon. Sandaling pinahid niya ang luha bago sumilip sa bintana ng kotse at kumaway kay Elaine. Hindi na siya lumingon pa nang pinasibad niya ang sasakyan.

---

"Good thing, it's not a serious heart attack, hija," anang doktor ng kanyang ama nang makausap niya. "Kailangan lang niyang magpahinga nang ilang araw dito sa ospital bago siya ilabas. Kailangan din niyang iwasan ang magalit para malaki ang tsansang hindi na maulit ang nangyari."

Napatangu-tango si Sandy. Lihim siyang nakahinga nang maluwag. Kung nagkataong

nabingit sa kamatayan ang buhay ng daddy niya, habambuhay niyang sisisihin ang sarili.

Nang pumasok siya sa private suite ng ama, tulog pa ito. Ilang saglit na nahaplos niya ang pisngi nito. Naramdaman niya ang paggalaw ng kamay nito.

“Sandy, hija…”

“I’m here, Dad.” Napakagat-labi siya. “Sorry for what I’ve done. Hindi na po ako susuway sa lahat ng gusto ninyo. Hindi na ako gagawa ng dahilan para magalit kayo. I’m sorry.”

Hinawakan nito ang kamay niya. “I only want good things for you, hija. I promise you, hindi ka magsisisi kay Meynard.”

Napatango na lang siya. Lihim na umiiyak ang puso niya. Matututuhan din niya marahil na mahalin si Meynard.

---

Pakiramdam ni Sandy ay nanigas ang buong katawan niya habang pinapanood ang exclusive report na kasalukuyang ipinapakita sa TV.

Ayon sa reporter, “Natagpuang duguan sa loob ng kotse si Matthew Mijares sa bahaging iyon ng

Sto. Tomas malapit sa boundary ng Batangas at Laguna, matapos bumangga ang kotse nito sa isang van. Sa ngayon ay wala pa ring malay ang aktor. Pero siniguro ng mga doktor na walang malalang pinsalang nangyari dito. Wala pang kumpirmasyon kung paano naganap ang insidente.

*"Pero base sa ulat na nagmula sa mga nakasaksi, masyado umanong mabilis ang van habang paliko ito sa isang intersection kung kaya bumangga ito sa kasalubong na kotse na kinasasakyan ni Matthew Mijares. Abangan ang iba pang detalye mamayang alas tres ng hapon dito pa rin sa CNS-TV."*

Pumasok na ang commercial slot ay shocked pa ring nakatitig sa TV screen si Sandy.

Nang makabawi, nanginginig ang kamay na nag-dial siya sa kanyang cellphone ng numero ni Elaine.

*Elaine, sumagot ka, please*, nate-tense na sabi niya sa isip habang hinihintay ang pagsagot ng kaibigan.

"Hello?" anang boses nito sa kabilang linya.

"Bes, n-napanood ko 'yung balita sa TV," nangangatal ang tinig na bungad niya. "Bakit? I mean, paano nangyari 'yun? Bakit nasa Sto. Tomas

siya nang mangyari ang aksidente?”

Halatang bothered din ang tinig ni Elaine sa kabilang linya. “Bes, kasi… kasi hiniram niya ’yung kotse ko. Napapansin ko kasi, mula nang umalis ka ay palagi siyang tahimik. Ang sinabi niya, gusto ka raw niyang sundan sa Manila. Pero... Diyos ko! Hindi ko naman akalaing mangyayari ’yun, eh. Sana hindi ko na lang siya pinayagan.”

Naramdaman na lamang ni Sandy na naglalandas na ang luha sa magkabilang pisngi niya.

“Bes, huwag mo nang sisihin ang sarili mo,” aniya. “At least, he’s all right. Wala naman daw sa panganib ang buhay niya.”

“Actually, naghahanda na ako sa pag-alis ngayon,” anito. “Puntahan natin siya sa ospital. Nakokonsyensya kasi ako.”

“Sige.”

Matapos ibaba ang cellphone ay nahiga si Sandy sa kama. Gusto niyang alisin sa isip ang alalahanin. Pero paris ni Elaine, masyado siyang worried para kay Matthew. Sana ay ligtas na ito. Sana.

“BES, tara na.”

Naramdaman ni Sandy ang paghila ni Elaine sa

kamay niya nang makarating sila sa ospital. Hindi niya alam kung bakit nanlalamig siya. Aaminin niyang sa ilang araw na hindi nila pagkikita ni Matthew, walang laman ang isip niya kundi ito lang. Lihim niya itong nami-miss.

Mabilis silang lumapit sa information desk at tinanong ang number ng suite na kinaroroonan ni Matthew. Nalaman nila na nailipat na ito sa isang private suite.

"Uhm… Nurse, itatanong lang namin kung saan ang room ni Matthew Mijares." Si Elaine ang nakipag-usap sa babae na naka-duty sa information desk.

"Ano po'ng pangalan nila, Ma'am?" tanong nito.

"Elaine. Elaine Tantoc."

Sandaling naghanap sa listahan ang nurse. Muli itong nag-angat ng tingin sa kanila. "I'm sorry, wala po ang pangalan ninyo sa listahan ng allowed guests ni Matthew Mijares."

Nanlumo sila sa narinig. Napatingin ito sa kanya at muling humarap sa nurse. "Sandy. Sandy Olivarez," bigay naman nito sa pangalan niya.

Muling naghanap ang nurse. "Sorry, wala rin

po."

Kitang-kita niya ang pagsimangot ni Elaine nang mapatingin sa kanya.

"Fan po ba kayo ni Matthew Mijares?" tanong ng nurse.

"Ha? Hindi. Kaibigan niya kami."

"Immediate family pa lang po ni Matthew ang allowed na bumisita sa kanya."

Nanlulumong lumayo sila sa information desk. Nagulat si Sandy nang muli siyang hilahin ng kaibigan patungo sa hanay ng mga private suites ng hospital.

"A-ano'ng gagawin natin?" nagtatakang tanong niya.

"Basta. Magbabakasakali tayo."

Nagpahinuhod na lang siya nang baybayin nila ang corridor. Mayamaya ay hinarang ni Elaine ang isang nurse na nakasalubong nila.

"Uhm... Nurse, nalimutan ko kasi 'yung number ng suite na sinabi sa akin ng nurse sa information desk. Saan ba 'yung room ni Matthew Mijares?"

"Immediate family ba kayo, Ma'am?"

"Of course naman. Sinabi ko naman sa 'yo, nakalimutan ko nga lang 'yung room number, eh." Nag-anyo pa itong naggalit-galitan. Lihim siyang natatawa sa ginagawa nito.

"Kaanu-ano po kayo ni Matthew Mijares?" tanong ng nurse.

"Uhm... itong kasama ko..." anito, "girlfriend siya ni Matthew."

"Pero, Ma'am, ang alam ko ho, eh—"

"Basta, 'wag ka nang mang-intriga. Si Sofia Gatmaitan, number two lang 'yun. Number one itong friend ko. Ano'ng number?" matigas ang tono na tanong ni Elaine.

"Eh... Room 1004 po," kakamut-kamot sa ulong tugon nito.

Nang makatalikod ang nurse at makalayo sa kanila, binatukan niya ang kaibigan.

"Aray naman!"

"Sira ka, bakit sinabi mo d'on na girlfriend ako ni Matthew?"

"Talaga naman, di ba?" Biglang nanukso ang ngiti nito. "Hmm... 'wag kang tatanggi. Nahuli ko

yata kayo na nagki-kissing-kissing. Hmm?"

"Gaga! Nanunubok ka pala, ha!"

"Kitam! Umamin ka rin."

Pagdating sa Room 1004, saglit silang nag-atubili kung papasok doon.

"O, ano, bakit ka natigilan diyan?" tanong ni Sandy.

"Hindi, ah. Bakit naman ako matitigilan?" Hinila siya nito patungo sa harap ng pinto. Dahan-dahan nitong pinihit ang seradura. Waring nalimutan nitong kumatok dahil tulad niya ay nate-tense din ito. "Yes! Bukas ang pinto," natutuwang bulalas nito.

Hindi na niya napigilan ang kaibigan nang dahan-dahan nitong buksan ang pinto. Gayunman, nagtaka siya nang mapansing napatutop ito sa bibig.

"Bakit?" mahinang tanong niya.

Nang lumuwang ang pagkakabukas ng pinto, kahit siya ay napanganga sa naabutang tagpo. Nakita niya ang intimate na paghahalikan ng lalaking nakahiga sa kama at ng babaeng nakaupo sa stool sa gilid ng higaan.

Ramdam ni Sandy ang pagguhit ng sakit sa

kanyang dibdib. Gusto niyang tumakbo palayo pero tila ipinako siya sa kinatatayuan. Hindi siya makakilos.

Bago pa sila makatalilis, kaagad napalingon sa kanila ang babae nang maramdaman nito ang presence nila.

"Who the hell are you?" Kaagad kumunot ang noo ng babae na alam nilang si Sofia. Tumayo ito at lumapit sa kinaroroonan nila.

Noon niya lang nakita ni Sandy nang personal ang anak ng senador. Maganda nga ito. Hindi imposibleng magustuhan ito ni Matthew. Sopistikada ang dating ng babae.

"Uhm... kaibigan po kami ni Matthew, Ma'am," sagot ni Elaine.

Lalong kumunot ang noo ni Sofia. Nang mapatingin sa kanya, napansin niya ang bahagyang pag-ismid nito. Saka ito lumingon sa direksyon ng hospital bed.

"Babes, kilala mo ba sila?" malambing na tanong nito. Umalis ito sa tapat ng pinto upang makita sila ng lalaking nakahiga sa kama. "Kaibigan mo raw sila."

Sandaling lumipad ang tingin ni Sandy sa hospital bed. Ramdam niya ang biglang pagkabog ng dibdib niya nang magtama ang mga tingin nila ni Matthew. Gusto niyang maiyak habang nakatingin dito. She missed him so badly.

Pero natigilan siya nang mapansin ang malalim na pagkakakunot ng noo nito habang nakatingin sa kanya.

"Kilala mo ba sila, Babes?" ulit ng nobya.

Umiling ito. "Hindi."

Pakiramdam ni Sandy ay may bumagsak na kung anong mabigat na bagay sa dibdib niya.

Taas-noong muli silang hinarap ng babae. "Sorry, hindi niya kayo kilala. And besides, only his immediate family is allowed to visit him. Puwede na kayong umalis."

Hindi pa rin makakilos si Sandy nang muling sumara ang pinto ng suite. Pinigil niya ang pangingilid ng luha nang maramdaman ang paghawak sa kanya ni Elaine.

"Tara na, bes," aya nito.

"Hindi niya tayo nakilala," aniya nang naglalakad na sila sa corridor.

“Nangangahulugan lang na bumalik na ang memorya niya. Pero ’yung mga nangyari pagkatapos niyang maaksidente sa dagat, hindi na niya matandaan.”

Wala pa rin siya sa sarili habang binabagtas nila ang daan palabas ng ospital. Somehow, nakabawas sa bigat na nararamdaman niya ang kaalamang mukhang okay na si Matthew. Ngayong bumalik na ang memorya nito, alam niyang balik na rin sa normal ang buhay nito.

Iisipin na lamang niyang isang panaginip lang ang nangyari na minsan ay naging bahagi ito ng buhay niya.